



City of Seattle
Edward B. Murray, Mayor

Paglabas ng Balita

Mula sa Opisina ng Mayor

Mga Kontak sa Media:

Media Contact: Lois Maag, Communications, 206.615.0950; lois.maag@seattle.gov
Sam Read, Communications, 206.727.8808; sam.read@seattle.gov

Si Mayor Murray at ang Konseho ng Lungsod ng Seattle ay naghahanap ng mga boluntaryo sa bagong Community Involvement Commission

Ang Komisyon na magpapayo sa Lungsod tungkol sa mga pamamaraan ng pakikipagugnayan sa komunidad.

SEATTLE (Febrero 1, 2017) – Si Mayor Edward Murray at ang Konseho sa Lungsod ng Seattle ay naghahanap ng mga miyembro ng komunidad upang magsilbi sa bagong [Community Involvement Commission](#) (CIC) ng Lungsod. Nagawa ito sa pamamagitan ng Executive Order 2016-06 at itinatag ng Ordinansa noong Nobyembre. Ang Komisyon na ito ang magpapayo sa Lungsod ng tungkol sa mga patakaran, estratihiya at proseso sa pagbibigay pondo sa mga komunidad upang isulong ang pantay na pakikipagugnayan ng publiko at pangmamayanang partisipasyon.

“Ang Lungsod ng Seattle ay kinakailanganang gumawa ng mas maayos na paraan o daan sa pagkonekta sa mas marami pang residente- at kumonekta kung saan sila nakatira” sabi ni Mayor Murray. Ang mga komunidad na kinukulang ng kinakatawanan at kinukulang ng serbisyo ay kailangang may oportunidad na makibahagi sa mga proseso ng pag desisyon at pag plano ng Lungsod. Ang bagong Komisyon ang mag patnubay sa mga pagsisikap ng Lungsod sa paggawa ng mga patakaran at initiative na mas lalong mas napapabilang sa mga residente. Upang ang Seattle ay maging mas pantay-pantay para sa lahat, ang Lungsod ang dapat manguna at magsama ng mas maraming boses sa mga usapan upang matiyak na tayo ang kinatawan ng mga magkakaibang komunidad na ating pinagsisilbihan.”

Ang 16 na miyembro ng Komisyon ay nabuo sa pamamagitan ng Executive Order na in-issue ni Mayor Murray na magpapayo ng tungkol sa mga prioridad, patakaran o polisiya at estratehiya na may kaugnayan sa pantayang pakikipag-ugnayan pang sibiko at pag partisipasyon ng publiko sa mga gawing desisyon ng Lungsod. Ito rin ang magbibigay payo tungkol sa proseso ng pagbibigay tulong ng Lungsod sa mga komunidad at magbigay ng feedback sa pagsulong at pagpapaunlad sa mga plano ng mga Departamento ng Lungsod tungkol sa paglahok ng komunidad.

“Ang Community Involvement Commission ay magbibigay ng oportunidad sa mga residente ng buong Seattle na makibahagi sa mga epektibong paraan sa pakikilahok sa prosesong pang politika,” Sabi ni Konsehal Tim Burgess. “Ang gobyerno ng Lungsod ay mas epektibo kung magsama ng sari saring karanasan at bigyan prioridad ang pantay na pagrepresenta at pagsama sa ating proseso ng paggawa ng desisyon.”

And Board ay magkaroon ng 16 na mga miyembro.- 7 na appointed ng City Council (by Council District) at 7 ang i-appoint ng Mayor at isa sa mga naitakda ay na reserba sa isang kabataan mula sa programang Get Engaged. Ang



City of Seattle
Edward B. Murray, Mayor

huling dalawang miembro ay pipiliin ng Komisyon pag ito ay nabuo. Lahat ng mga appointments ay kailangang konfirmahin ng City Council.

Sa simula, ang Komisyon ay magkita kita buwan buwan sa Seattle City Hall. Mga Commisioners ay magsilbi na walang bayad at kailangang mag commit ng halos 3-6 na oras kada buwan upang gawin ng mga gawain ng Komisyon.

Kung kayo ay interesado na ma consider, kompletihin ang [online application](#) sa Mierkoles, March 1, by 5:00 p.m. Mga isinalin na online versions ng aplikasyon sa Korean, Somali, Spanish, Tagalog, Traditional Chines at Vietnamese ay nahahanda na sa Enero 27.

Kung hindi kayo maka pagsubmit ng aplikasyon sa online, kontakin ang Seattle Department of Neighborhoods sa 206-684-0464 at ang aplikasyon ay maipadala sa inyo sa koreo o kumuha sa kanilang opisina-Seattle City Hall, 600 Fourth Avenue, 4th floor, weekdays, sa pagitan ng 8:00 sa umaga at 5:00 ng hapon. Kung i –mail ng aplikasyon kailangang may postmarked na March 1. Ipadala kay: Tom Van Bronkhorst, Seattle Department of Neighborhoods, P.O. Box 94649, Seattle WA 98124-4649.

Para sa marami pang inpormasyon o katanungan, kontakin si Tom Van Bronkhorst sa (206) 233-3954 o sa email NewDON@Seattle.gov. Marami din kayong malalaman tungkol sa Community Involvement Commission sa aming [website](#).

Ang Lungsod ng Seattle ay nakatuon sapag tataguyod ng diversity o pagkakaiba-iba sa mga Board at Komisyon ng Lungsod. Mga babae, mga taong may kapansanan, seksuwal at kasarian minoridad, kabataan, nakatatandang mamamayan, mga taong may kulay, mga immigrante ay hinihikayat na mag apply.

###